Iyan ay demonyong tinatawag na Khinzab. Kaya kapag nakadama ka sa kanya, magpakamapagpakupkop ka kay Allāh laban sa kanya at lumura ka sa kaliwa mo nang tatlong ulit

Ayon kay `Uthmān bin Abī Al-`Āṣṣ (malugod si Allāh sa kanya): {Siya ay pumunta sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsabi: "O Sugo ni Allāh, tunay na ang demonyo ay humarang nga sa pagitan ko at ng ṣalāh ko at pagbigkas ko, habang nagpapatuliro nito sa akin." Kaya nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Iyan ay demonyong tinatawag na Khinzab. Kaya kapag nakadama ka sa kanya, magpakamapagpakupkop ka kay Allāh laban sa kanya at lumura ka sa kaliwa mo nang tatlong ulit." Nagsabi ito: "Kaya gumawa ako niyon saka nag-alis niyon si Allāh sa akin."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Pumunta si `Uthmān bin Abī Al-`Āṣṣ (malugod si Allāh sa kanya) sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsabi: "O Sugo ni Allāh, tunay na ang demonyo ay bumalakid nga sa pagitan ko at ng ṣalāh ko, nagkait nga sa akin ng kataimtiman dito, nagpalito nga sa akin sa pagbigkas ko, at nagpaduda nga sa akin dito." Kaya nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Iyan ay demonyong tinatawag na Khinzab. Kaya kapag nakadama ka sa kanya, mangunyapit ka kay Allāh, manalangin ka kay Allāh ng pagkupkop laban diyan, at umihip ka sa kaliwa mo kasama ng kaunting laway nang tatlong ulit." Nagsabi si `Uthmān: "Kaya ginawa ko ang ipinag-utos sa akin ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka inalis iyon ni Allāh sa akin."

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/65105